**Gabay para sa Bisita**

Taglagas/Taglamig 2024–25

# Kumusta

SFMOMA

# Maligayang Pagdating sa SFMOMA!

## Libre ang pagbisita ng mga miyembro

Mag-aplay ng hanggang dalawang tiket ng kasalukuyang araw para sa membership sa SFMOMA sa pamamagitan ng pagbisita sa Membership Desk sa Palapag 2. Ganap na mababawas sa buwis ang mga Individual, Dual, at Supporter na membership.

## Magtanong sa amin tungkol sa mga serbisyo sa accessibility

May mga nakahandang wheelchair, stroller, at cane seat sa Coat Check sa Palapag 1 na mahihiram batay sa first-come, first-served.

## Tuklasin ang magagandang kuwentong nalikha

Kumonekta sa **SFMOMA FREE WIFI** para:

- Maakses ang mga kuwento sa audio tungkol sa likhang-sining: **sfmoma.org/audio**
- Maakses ang buong programa namin ng eksibisyon: **sfmoma.org/exhibitions**
- Magpadala ng mga mungkahi o puna: **sfmoma.org/feedback**

## Mga Tuntunin sa Museo + Galeriya

- **Pakiusap, huwag hawakan ang likhang-sining.**
- **Sundin ang patakaran sa pagsusuot ng mask ayon sa itinagubilin ng tauhan at karatula.**
- Pinapayagan ang personal, di-pangkomersiyong pagkuha ng litrato/bidyo (maliban sa kung saan may markang bawal). Bawal ang mga flash, tripod, o selfie stick.
- Bawal kumain, uminom, o makipag-usap sa cell phone sa mga galeriya.
- Bitbit dapat ang lahat ng bag at backpack nang mas mababa sa baywang o nakasuot dapat sa harap ng katawan.
- Bawal manigarilyo o mag-vape sa museo o sa mga terasa sa labas.
- Mga Nawawala at Napulot na Gamit: Bisitahin ang Coat Check sa Palapag 1.

# Mga Piling Eksibisyon sa Palapag 3, 2, at 1



Consuelo Kanaga, *Untitled,* 1936

## 6. Consuelo Kanaga

### Catch the Spirit

**Hanggang Peb 9, 2025 | Palapag 3**

Binagtas ng mahalaga ngunit nakakaligtaang karera ng litratistang ito ang makabagong pamamahayag gamit ang mga litrato, mga modernistang still life, at mga hinihirang na litrato ng mga Amerikanong Itim.



Edward Weston, *Two Shells,* 1927

## 5. Around Group f.64

### Legacies and Counterhistories in Bay Area Photography

**Nob 23, 2024–Taglagas 2025 | Palapag 3**

Gamit ang likhang ginawa noong dekada '30 ng mga miyembro ng Group f.64 bilang koneksiyon, tinutuklas ng eksibisyong ito ang iba't ibang sandali sa kasaysayan ng potograpiya ng Bay Area.



Frida Kahlo, *Frieda and Diego Rivera,* 1931

## 4. 1900 to Now

### Koleksiyon ng SFMOMA

**Nagpapatuloy | Palapag 2**

Tuklasin ang moderno at kontemporaryong sining sa pamamagitan ng samu't saring kuwento at mga pananaw, mula unang bahagi ng 1900 hanggang ngayon.

## 3. Unity through Skateboarding When the World Is Watching; Count Me In

**Hanggang Tagsibol 2025 | Palapag 2**

Nagpapatuloy ang mga laro sa anim na pagtatanghal na binigyang-inspirasyon ng mga palakasan, kasama ang tatlong galeriya sa Palapag 2 at tatlong bagong komisyon sa *Bay Area Walls*.



Otl Aicher, *1972 Munich Olympics, Wrestling poster,* 1972

## 2. 2024 SECA Art Award Exhibition

**Dis 14, 2024–Mayo 2025 | Palapag 2**

Tingnan ang bagong likha ng mga tumanggap ng SECA Art Award ng taong ito, mga alagad ng sining ng Bay Area na sina Rose D'Amato, Angela Hennessy, at Rupy C. Tut.



Ang alagad ng sining na si Rose D'Amato sa labas ng kanyang istudyo; litrato: Samantha Cooper

## 1. Kara Walker

### Fortuna and the Immortality Garden (Machine)

**Hanggang Tagsibol 2026 | Palapag 1**


Galugarin ang kahanga-hangang hardin ng automaton ni Kara Walker na nakalagay sa gitna ng kapaligiran ng enerhiya ng kumikinang na maitim at matigas na tila bubog na bato mula sa bulkan.



Kara Walker, *Fortuna and the Immortality Garden (Machine),* 2024; litrato: Fredrik Nilsen Studio


# 1

Kontemporanyong Sining
Atrium
Teatro
**Tindahan ng Museo**
**Restoran**






**Kara Walker**
Fortuna and the Immortality Garden (Machine)




**Wu Tsang**
Of Whales
*Magsasara sa Enero 20!*



**grace**
*Restoran*

Inilimbag sa papel na gawa sa 10% basura ng mga konsumer. Mga guhit na likhang-sining: Adam Simpson.



2
Pinta + Iskultura
Mga Likha sa Papel
Bentahan ng Tiket +
Pagmimiyembro
Kapihan
Sentrong
Koret para sa
Edukasyon
Artcade
Bay Area Walls
Gene Luen Yang
1900 to Now
Koleksiyon
ng SFMOMA
Yuri Suzuki
Arborhythm
Pagmimiyembro
Bentahan ng Tiket
4
3
2
Galeriya ni
Paul Klee
Pocket
Theater
Silid ng Pag-aaral
Art In Your Life
Steps
Coffee


# 3

Potograpiya
Iskultura
Arkitektura + Disenyo



**Table Manners**
Arkitektura + Sulok ng Disenyo







**Bay Area Walls**
Jenifer K Wofford



**Consuelo Kanaga**
Catch the Spirit

# Mga Piling Eksibisyon sa Palapag 5–4



Olafur Eliasson, *One-way colour tunnel,* 2007

## 12. Olafur Eliasson

### One-way colour tunnel

**Nagpapatuloy | Palapag 5**

Nag-aalok ang nakakaengganyong likhang ito ng karanasang pandama na nagpapagunita sa mga engrandeng palabas ng kalikasan.



Yayoi Kusama, *Aspiring to Pumpkin's Love, the Love in My Heart,* 2023 (tanawin sa instalasyon, SFMOMA); koleksiyon ng Fisher Art Foundation; © YAYOI KUSAMA, ipinagkaloob ng alagad ng sining, Ota Fine Arts, Victoria Miro, at David Zwirner

## 11. Yayoi Kusama

### Aspiring to Pumpkin's Love, the Love in My Heart

**Hanggang Okt 2025 | Palapag 5**

Kinakatawan ng iskulturang malaking kalabasa ni Kusama ang kapayapaan at kaligayahan, at binabalot nito ang nagmamasid sa mga mala-alon nitong kurba.



Andy Warhol, *Triple Elvis* [Ferus type], 1963

## 10. Afterimages

### Echoes of the 1960s from the Fisher and SFMOMA Collections

**Nagpapatuloy | Palapag 5**

Itinatampok ng eksibisyong ito ang mga usapan ng iba't ibang henerasyon sa pagitan ng mga alagad ng sining na may mga likhang nakisangkot sa kultural na daloy ng dekada '60 hanggang kasalukuyan.



Amy Sherald, *For Love, and for Country,* 2022

## 9. Amy Sherald

### American Sublime

**Nob 16, 2024–Mar 9, 2025 | Palapag 4**

Ang pinakamalaking pagtatanghal ni Sherald hanggang sa ngayon, pinagsasama-sama ng *American Sublime* ang mahigit sa 50 likha, mula sa kanyang mga naunang larawan hanggang sa kanyang mga iconic na pintura ng pigura ng tao.



Samson Young, *Altar Music (liturgy for an indecisive believer),* 2022

## 8. New Work

### Samson Young

**Dis 21, 2024–Hunyo 22, 2025 | Palapag 4**

Maglibot sa bagong instalasyon ng multimedia ni Young na nagtatampok ng polychromatic na mga iskultura, bidyo, at nakakabighaning piyesa ng musika—isang patulang pagtuklas ng mga ritmo ng pag-ibig, pagtawag-pansin, at alaala.



Morris Louis, *Untitled,* 1959–60

## 7. Freeform

### Experiencing Abstraction

**Nagpapatuloy | Palapag 4**

Sinisiyasat ang abstraktong sining simula pa noong 1950, nagtipon-tipon ang pagtatanghal na ito ng mga alagad ng sining na gumagamit ng abstraksiyon para ipahayag ang di-mahawakan at di-maipaliwanag.

# 4


Pinta + Iskultura
Gina + Stuart Peterson White Box
Espesyal na Eksibisyon
Kontemporaryong Sining



**Freeform**
Experiencing Abstraction

**Mga Galeriya ni Ellsworth Kelly**






**Galeriya ni Agnes Martin**

**Terasa ng Iskultura**



**Amy Sherald**
American Sublime

# 5


Pinta + Iskultura
Oculus Bridge
Hardin ng Iskultura
Kapihan



**Cafe 5**
*Restoran*

**Hardin ng Iskultura**

**Bay Area Walls**
David Huffman






**Yayoi Kusama**
Aspiring to Pumpkin's Love, the Love in My Heart



**Afterimages**
Echoes of the 1960s from the Fisher and SFMOMA Collections

**Silid ng Pag-aaral**

**Silid ng Pag-aaral**

# Mga Piling Eksibisyon sa Palapag 7–6

Tingnan ang buong programa ng eksibisyon: **sfmoma.org/exhibitions**



Holly Bass, *WNBA (Jordan)*, 2012

## 16. Get in the Game

### Sports, Art, Culture

**Okt 19, 2024–Peb 18, 2025 | Palapag 7**

Tinutuklas ng *Get in the Game* kung paano nahubog ng pisikal na katangian ng mga atleta, kompetisyon, at laro ang kultura at naimpluwesiyahan ang kontemporanyong sining at disenyo.



Yayoi Kusama, *Dreaming of Earth's Sphericity, I Would Offer My Love*, 2023

## 15. Yayoi Kusama

### Dreaming of Earth's Sphericity, I Would Offer My Love

**Hanggang Mayo 2025 | Palapag 6**

Malugod na tinatanggap ng pinakabagong Infinity Mirror Room ni Kusama ang mga manonood sa isang sansinukob na may napakaraming iba't ibang liwanag kung saan lumilikha ang mga salamin ng isang kapaligirang palaging gumagalaw.

## 14. German Art after 1960

**Nagpapatuloy | Palapag 6**

Itinatampok sa eksibisyong ito ang mga galeriya ng nag-iisang alagad ng sining at nakapangkat batay sa tema na nakatuon sa nangungunang mga alagad ng sining na Aleman tulad nina Anselm Kiefer, Gerhard Richter, Georg Baselitz, at Sigmar Polke.



Gerhard Richter, *Janus*, 1983

## 13. Ragnar Kjartansson

### The Visitors

**Nagpapatuloy | Palapag 6**


Itinatanghal sa siyam na iskrin, dinadala ng *The Visitors* ang mga manonood sa isang makasaysayang mansiyon na pinag-imbitahan ng alagad ng sining na si Ragnar Kjartansson ng mga kaibigan para tumugtog ng musika nang magkakasama.



Ragnar Kjartansson, *The Visitors*, 2012 (still)

# 6

Kontemporanyong Sining
Pinta + Iskultura
Media Arts




**Yayoi Kusama**
Dreaming of Earth's Sphericity, I Would Offer My Love

**Mga Galeriya ni Anselm Kiefer**



**Ragnar Kjartansson**
The Visitors







**Mga Galeriya ni Gerhard Richter**

# 7

Espesyal na Eksibisyon




*Mag-iiba-iba ang mga panloob na dingding. Hindi tumpak ang sukat ng mapa at mga larawan.*